

Kung Bakit Iba-iba Ang Hugis ng Ilong

Nang likhain ng Diyos ang daigdig, dumating ang panahon na nainip siya. Wala siyang makitang bagay na makakalibang sa kanya. Ipinasiya niyang lumikha ng mga bagay na magpapasaya sa kanya.

Una niyang nilikha ang lupa. Pagkatapos ay tubig. Isinunod ang mga hayop, insekto, mga punongkahoy at iba't ibang halaman.

"Ang sayang panoorin ng paligid." Nakangiting sambit ng Diyos.

"May mga hayop na naghahabulan. May mga ibon at insektong malayang lumilipad. May makukulay na halaman at bulaklak. May bunga ang mga punongkahoy para may makain ang mga...."

Biglang napatigil sa pagsasalita ang Diyos. May

nakalimutan pala siya.

"Oo nga pala! Dapat may magbabantay at mag-aalaga sa mga ito. Lilikha ako ng tao."

Agad kumuha ang Diyos ng tumpok ng putik. Ginawa niya itong hugis-tao. Pero naparami ang nagawa niya. Nahirapan tuloy siya na maglagay ng tamang hugis ng ilong sa mukha ng bawat taong nalikha niya. Di rin niya makuha-kuha ang tamang larawan ng mukha.

May naisip siyang paraan. "Ano kaya kung gagawa na lamang ako ng iba't ibang hugis ng ilong?"

Agad gumawa ng iba't ibang ilong ang Diyos. Pagkatapos ay hinarap niya ang mga taong nilikha niya at kinausap.

"Ngayong nakagawa na ako ng iba't ibang hugis ng ilong, bibigyan ko na kayo ng buhay para makapili na kayo ng ilong na gusto ninyo."

Hinipan ng Diyos ang mga tao. Agad gumalaw ang mga ito at isa-isang namili ng ilong na gusto nila.

Ito ang dahilan kung bakit iba-iba ang hugis ng ating mga ilong.